



Mga Karapatan ng mga Manggagawa sa California

LAHAT NG MANGGAGAWA AY PROTEKTADO!

Hindi magtatanong ang Tanggapan ng Komisyoner ng Paggawa (Labor Commissioner's Office, LCO) ng tungkol sa katayuan sa imigrasyon ng isang manggagawa.

- May karapatan kang magtanong tungkol sa iyong suweldo at mga kondisyon sa trabaho.
- Legal na iniaatas sa iyong employer na bayaran ang sahod na iyong kinita.
- Labag sa batas para sa iyong employer na gantihan ka dahil nanindigan ka para sa iyong mga karapatan.

Mga Proteksyon sa Lugar ng Trabaho

Sa ilalim ng batas ng California, ang mga banta na nauugnay sa imigrasyon bilang paghihiganti sa paggamit ng karapatan ay labag sa batas. Ang mga employer ay hindi maaaring:

- Pagtanggi na igalang ang mga dokumento na parang
- Gamitin ang E-Verify sa paraang hindi iniaatas ng batas.
- Magbanta na tawagan ang mga awtoridad sa imigrasyon.
- Ireport ka o ang iyong pamilya tungkol sa inaakalang katayuan sa imigrasyon o makisali sa anumang iba pang hindi patas na kasanayan na nauugnay sa imigrasyon bilang paghihiganti sa paggamit ng iyong mga karapatan.

Kung inabisuhan ang mga employer sa nalalapit na inspeksyon sa imigrasyon, dapat nilang ipaalam sa mga manggagawa sa loob ng 72 oras mula sa pagtanggap ng abisong iyon.



Paano Kung Hindi Ako Binabayaran Nang Tama?

Subaybayan ang:

- Ang mga oras na nagtatrabaho ka - kasama ang simula at oras ng pagtatapos.
- Ang bawat lokasyon ng trabaho, kabilang ang address at trabaho na isinagawa sa bawat lokasyon.
- Sino ang nangasiwa at nagtalaga ng iyong trabaho.
- Sino ang nagbayad sa iyo.
- Ang mga bayad sa iyong sahod.
- Mga pangalan at impormasyon ng pakikipag-ugnayan ng mga taong katrabaho mo at ng iba pang nakakita sa iyo na nagtatrabaho.

Maaari kang magsampa ng isang claim para makuha ang nawalang sahod at parusa. Makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Komisyoner ng Paggawa para sa tulong sa:

wagetheftisacrime.com/File-Wage-Claim.html


Magsampa ng Claim mula sa Labas ng California

Maaari ka pa ring magsampa ng claim kahit na umalis ka sa California o sa U.S.

Makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Komisyoner sa Paggawa para sa tulong sa pamamagitan ng telepono o online.

Para sa mga internasyonal na tawag, ilagay ang **calling code** mula sa bansa na iyong tinatawagan at ang **code ng US (1)** at ang **numero ng LCO (833-526-4636)**.

Mula sa Mexico, i-dial ang **00 + 1 + 833-526-4636**.



Ano ang Paghihiganti?

Nangyayari ang paghihiganti kapag tinatrato ka ng isang employer sa negatibong paraan dahil naninindigan ka para sa iyong mga karapatan. Maaaring kabilang dito ang:

- Pagbawas ng iyong mga oras.
- Pagpapauwi sa iyo nang maaga.
- Pagsuspinde o pagtanggag sa iyo.

Kung nahaharap ka sa paghihiganti, idokumento kung *sino, ano, kailan, saan at bakit* kung kailan mo ginamit ang iyong mga karapatan at kung paano ang iyong sa iyong mga karapatan. reaksiyon ng employer.



Mga Batas na Nagbabawal sa Paghihiganti
www.dir.ca.gov/dlse/HowToFileLinkCodeSections.htm

Kontrata at Mga Mapagkukunan

Humingi ng tulong sa kung paano:

Magsampa ng Claim sa Sahod
wagetheftisacrime.com/File-Wage-Claim.html



Magsampa ng Reklamo Tungkol sa Paghihiganti
wagetheftisacrime.com/File-Retaliation-Complaint.html



I-report ang Paglabag sa Batas sa Paggawa
wagetheftisacrime.com/Report-Laborlaw-Violation.html



Maghain ng Reklamo Tungkol sa Pampublikong Trabaho
wagetheftisacrime.com/File-PublicWorks-Complaint.html



ImmigrationAdvocates.org



Komisyoner ng Paggawa 833-526-4636
Numero ng Telepono ng Tanggapan

Ang pagnanakaw sa sahod ay isang **KRIMEN**